REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

***Tanggapan ng Kalihim***
***Office of the Secretary***

Direct Line: 633-7208
E-Mail: deped@pacific.net.ph

MAY 0 9 2003

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 154, s. 2003

PAMBANSANG KONGRESO NG SANGGUNIAN SA FILIPINO (SANGFIL)

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng Paaralan
Punong Guro ng Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Ang Sanggunian sa Filipino (SangFil) na binubuo ng mga Departamento ng Filipino ng iba't ibang kolehiyo't unibersidad sa pagtataguyod ng Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon ay magdaraos ng Pambansang Kongreso na gaganapin sa Hulyo 24-25, 2003 sa Escaler Hall, Ateneo de Manila University, Katipunan Road, Diliman, Lungsod Quezon. Ang tema ng kongreso ay "Ang Intelektwal na Guro sa Filipino sa Hamon ng Globalisasyon".

2. Ang mga layunin ng kongreso ay ang mga sumusunod:

a. Patuloy na palaganapin ang Filipino bilang wikang panturo, opisyal na wikang pantalastasan, at wikang pangkabuhayan;
b. Isulong ang pagpapagamit sa Filipino bilang midyum sa agham, teknolohiya, kalakalan, industriya, at iba pang larangan;
c. Patatagin ang Filipino sa gitna ng mga talakayan, kontrobersyal at isyung pangwika;
d. Makipag-ugnayan sa mga akademikong institusyon para magsagawa ng mga proyekto sa pagmomodernisa at pagpapayaman ng wikang Filipino;
e. Pagbuklurin ang mga departamento at yunit ng Filipino sa mga kolehiyo at unibersidad upang magsagawa ng mga proyektong tutulong sa momodernisa at pagpapayaman ng wikang Filipino;
f. Ipaglaban ang mga karapatan at propesyonalisasyon ng mga guro sa Filipino; at
g. Magsagawa ng mga proyektong magsusulong sa kulturang pambansa, tulad ng pagsasalin at pananaliksik sa mga wika at panitikang panrehiyon at mula sa iba pang bansa.

3. Inaanyayahang dumalo sa kongresong ito ang mga tagapangulo at kaguruan sa Departamento ng Filipino ng bawat institusyon, gayundin ang kaguruan buhat sa iba't ibang departamento o disiplina. Ang mga guro mula sa pampublikong paaralan ay maaaring dumalo sa opisyal na oras lamang.

4. Ang rehistrasyon ay Dalawang Libo't Tatlong Daang Piso (PhP2,300.00) na ibabayad ng bawat dadalong miyembro na ilalaan para sa pagkain, hand-awts at conference kit at ang halagang Limang Daang Piso (PhP500.00) para sa taunang butaw ng bawat institusyon; para sa hindi miyembro, ang kalahok ay magbabayad ng Dalawang Libo't Limang Daang Piso (PhP2,500.00) at Limang Daang Piso (PhP500.00) ang bayad sa pagpapamiyembro ng bawat institusyon.

5. Ipadala ang inyong reserbasyon bago dumating ang Hulyo 18, 2003 kay: **Dr. Galileo S. Zafra**, Sekretaryo-Heneral, SANGFIL, IMC Compound, A. Ma. Regidor Street, Area XI, UP Campus, Diliman, Lungsod Quezon o tumawag sa SANGFIL sa telefax blg. 924-47-47; 920-5301-09 lokal 7602.

5. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

EDILBERTO C. DE JESUS
Kalihim

Rhea/Madel:c:SANGFIL
4-29-04

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u> sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS

SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS